

1

“12.3 million pesos?” Halos mapasigaw si Nicole sa kanyang inang nakahiga sa kama. Kita sa anyo ng mukha nito ang malubhang karamdaman. “Ma, you’re asking me to produce that amount of money?”

“Hija, it’s too late when I discovered na nakasangla pala ang rancho natin kina Don Lorenzo,” malumanay na sagot ni Doña Arietta. “It’s been a year. Ngayon ko lang nakita ang mga papers sa office ng papa mo. After his death... anyway, the due date is in two months.”

Tumahimik na lamang siya at pinisil ang kamay ng ina. Bihira na nga lamang siyang umuwi ng San Carlos, puro pa problema ang palaging sumasalubong sa kanya. Una niyang naisip ang kanilang maliliit na negosyo sa bayan. Kahit na ibenta nila iyon ay hindi iyon aabot sa labin-dalawang milyon. Ang kita naman nila sa kopra at buko ay halos nauuwi rin sa mga trabahador sa niyugan.

“Anak, ipangako mo sa akin na hindi mo pababayaang mawala sa atin ang rancho. Ito na lamang ang tanging maipapamana ko sa ’yo.”

Marahil ito ang dahilan kung bakit nakaratay ang kanyang ina. Ang sabi ng doktor ay mataas ang blood pressure nito. Lubha rin nitong inaalala kung saan makakakuha ng ganoon kalaking halaga para matubos ang kanilang lupain.

“Kakausapin ko si Don Lorenzo, Ma. Huwag na kayong mag-alala. Kung kailangan kong magmakaawa ay gagawin ko.”

“Nicole Del Prado.” Nakangiti ang matanda habang sinisipat siya mula ulo hanggang paa. “I must say, totoo palang napakaganda ng anak ng mga Del Prado.”

She smiled genuinely. Alam niyang totoo ang sinasabi ni Don Lorenzo. She wasn't an advertising model for nothing.

“Hindi na po ako magpapaliguy-ligoy pa. Nakasangla raw po ang rancho namin sa inyo. We cannot pay you back in two months kaya po humihingi ako ng extension.” Halatang kabado siya habang nakikiusap sa matanda. Hindi rin niya napigilan ang bahagyang panginigilid ng luha dahil sa pagmamakaawa. Hindi niya ito madalas gawin. Sa totoo lang, ni minsan sa buhay niya ay hindi niya

naranasan ang magmakaawa nang ganito.

“Nicole, tatapatin kita. Natalo ang ama mo sa sugal at iyong lupa ninyo sa rancho ang ipinambayad niya,” umpisa ng matanda. “Bago mamatay si Gaston ay nakiusap siya sa akin na sa halip na kabayaran ay gawing collateral na lamang ang lupa.” Matiim siya nitong pinagmasdan. “Lumapit na rin ang iyong ina sa akin. Kung tutuusin ay lugi na ako.”

“Don Lorenzo, nagkasakit na ang mama ko sa kakaisip kung paano tutustusan ang pagkakautang namin sa inyo. Ako man, pakiramdam ko ay magkakasakit din ako dahil hindi ko alam kung saan ako kukuha ng ganoon kalaking halaga sa loob ng isang linggo. I’ll do anything, pagbigyan n’yo lamang po ako. We really can’t come up with that money given the time constraint.” Tuluyan nang tumulo ang luha niya sa harap ng pinagkakautangan. Hindi na niya alam kung tama ba ang binitiwang salita rito.

Magkahalong kaba at awa sa sarili ang kanyang nararamdaman.

“Anything?” Nanlagkit bigla ang tingin ni Don Lorenzo sa kanya na ikinabahala ni Nicole. “Bueno, I’ve really thought about this. Alam kong one of these days, ang nag-iisang anak naman ng mga Del Prado

ang lalapit sa akin.” Tumayo ito at lumipat sa sofa na kanyang inuupuan. Saka nito dinampot ang isang photo frame na nasa ibabaw ng mahogany desk.

Iniabot iyon ng don sa kanya. Nakangiti ang lalaking nasa picture. There was something about him that made her heart throb fast. His face was very enchanting. Nakaramdam siya ng kiliti na gumuhit sa kanyang gulugod habang pinagmamasdan ang ngiti ng lalaking nakikipagtitigan sa kanya mula sa hawak na frame. Moreno ito at sa tantya niya ay mas matangkad kaysa sa height niyang 5’5”.

“That’s my unico hijo, si Mateo,” ani Don Lorenzo. “He’s such a brat. Simula nang nasermunan ko siya ay hindi na siya umuwi dito.” Nagsindi ito ng cigar at saka ipinagpatuloy ang kuwento. “Ang huling s’abi niya’y wala na siyang balak bumalik dito.”

“Ano ho ang magagawa ko para sa inyo?” mabilis na susog ni Nicole. May mga bagay na naglalaro na agad sa isipan niya at gusto niyang marinig na hindi iyon ang gustong mangyari ng kanyang kausap.

“Please bring my son home. I’m getting old. Nahihirapan na akong mag-asikaso ng kabuhayan namin dito.” Nagbuga ng usok si Don Lorenzo sa hangin habang tila pinag-aaralan ang magiging reaksyon niya. “Uuwi lamang ang batang iyon kapag

gusto na niyang lumagay sa tahimik.”

“Ang ibig ninyong sabihin, naniniwala kayo na babalik lang siya rito kung mag-aasawa na siya?”

Nagkibit-balikat ang don. “Mas gusto ko kung dito pipiliin ng kabiyak niya na permanenteng manirahan. Sakaling iyon ang maging kaso, bibigyan kita ng extension na dalawang taon. Babawasan ko pa ang interes sa utang ng iyong ama.”

Iyon lang? Ang maging matchmaker para sa unico hijo nito? naisip ni Nicole. Napakadali naman pala ng gusto ni Don Lorenzo. Madami siyang kilalang magagandang models na puwedeng ireto sa anak nitong lalaki.

“Madami po akong kakilala na posibleng magustuhan ng anak ninyo. Kung iyon lamang po ay magagawan natin iyan ng paraan.”

“So it’s a deal?” Inilahad nito ang palad sa harap niya.

Ilang minuto ding napatitig si Nicole sa kanyang kausap. Sa tingin niya ay hindi nagbibiro si Don Lorenzo. Kung tutuusin ay napaka-weird ng ipinapagawa sa kanya ng matanda. Pero matagal na palugit ang dalawang taon. Umaasa siyang masosolusyunan na niya ang problema nila sa pera

pagkatapos ng panahong iyon.

“It’s a deal.” Iniabot niya ang kanyang kamay kay Don Lorenzo at pikit-matang kumapit sa patalim.

“Let me see that!” Hinablot ni Pearl ang picture ni Mateo mula kay Marge. Pinagpipiyestahan ng dalawa niyang kaibigan ang lalaki habang nakaupo sila sa gitnang bahagi ng *Airbus 320* na eroplanong bound to Ho Chih Minh, Vietnam.

“Girls, playboy siya. Wala siyang naging steady relationship. Vocalist siya ng isang band at may-ari ng *Hacienda de Ortaleza* sa San Carlos,” umpisa ni Nicole.

Pagkatapos nilang magpirmahan ng kontrata ni Don Lorenzo ay inasikaso ng sekretarya nitong si Connie ang mga sumunod na pangyayari. Kinausap ng matandang Ortaleza ang manager nila para gawin ang sunod nilang sports wear photo shoot sa Vietnam nang linggong iyon dahil nandoon ang anak nito. Tumutugtog ang banda ni Mateo sa mga hotels at Filipino communities doon. Isang e-mail ang natanggap niya mula kay Connie na naglalaman ng lahat ng detalye tungkol sa binatang Ortaleza.

“Gaga. Sinisindak mo ba kami? Mukha namang

madali siyang ma-seduce, eh.” Inirapan ni Marge si Nicole.

“Well, may the best woman win!” tawa ni Pearl.

Plano ni Nicole na ipaubaya na ang lalaki sa dalawa niyang kaibigan. Hindi naman mahirap ireto si Mateo Ortaleza. The man had attractive, hazel eyes and his smile was really inviting. A part of her kind of wished she was the woman for him, but Nicole kept reminding herself that she had bigger problems. Mabuti na nga lang at mas maayos na ang pakiramdam ng mama niya nang umalis siya.

Sa *Grand Silverland Hotel* ng District 1 sa Saigon sila naka-book. Ang mismong hotel na tinutuluyan ni Mateo. Madaling araw sila umalis ng Pilipinas kaya saktong sa breakfast ang kanilang dating.

May free breakfast ang accommodation nila sa nasabing four-star hotel. Abala ang mga tao sa *Roof Garden* restaurant nang dumating sila.

Magkakahalubilo ang mga taong may iba’t ibang lahi. Naghanay ang English, American at Continental breakfast sa buffet table. Dala ni Nicole ang kanyang tray nang makita ang bakanteng table sa tapat ni Mateo. Kumakain ito kasama ang mga kabanda.

Mayamaya pa ay kasunod na niya sina Pearl at

Marge. Pagkuwan ay pasimpleng sumenyas siya sa mga kasama upang ituro ang kinaroroonan ni Mateo.

“So ano’ng plano natin? Sabi ni Boss, bukas pa daw dadating ang crew para sa shoot,” patay-malisyang sabi ni Pearl.

“Malapit lang daw dito iyong *Ben Thanh* market. Let’s go shopping!” malakas na aya ni Marge na halatang nagpapapansin sa mga lalaking kumakain sa katapat nilang mesa.

Hindi maintindihan ni Nicole kung bakit kabado siya sa mga nangyayari. Lalo na nang biglang napatingin si Mateo sa gawi nila at nagtama ang kanilang mga mata. May kung anong kuryenteng idinulot ang titig nitong iyon sa kanya. Muntik na tuloy siyang masamid sa iniinom niyang apple juice.

Iniiwas niya ang kanyang tingin sa binata subalit lihim pa rin ang kanyang pagmamatyag sa bawat kilos nito. Bumulong si Mateo sa mga kasama nito pagkatapos ay sabay-sabay ang mga itong nagtinginan sa kanilang direksyon.

“Hi, ladies.” Bigla ay nakalapit na si Mateo sa kanila. “Sorry, we overheard your conversation. Mga Pinay kayo, right?” Napakatamis ng ngiti nito.

“Hi, I’m Pearl.” Agad na tumayo ang kanyang

kaibigan para makipagkamay sa bagong dating. “You are—?”

“I’m Mateo Ortaleza.” Inabot nito ang kamay ni Pearl at hinagkan.

Hindi niya alam kung ano iyon pero hindi niya nagustuhan ang ginawa ng lalaki.

Kita sa ngiti ni Pearl ang tagumpay. “Oh, by the way, this is Marge.” Itinuro nito ang kasama at pagkatapos ay tumingin sa kanya. “Ito naman si Nicole.”

“Hello,” maikling bati niya. Iniabot din niya ang kamay rito subalit hindi na tumayo gaya ni Pearl.

Bahagyang kumunot ang noo ni Mateo. Sa hula niya ay hindi ito sanay na ini-snob ng mga babae. Ipinakilala nito ang mga kabanda. Si Sam, ang drummer. Si Wesley, ang rhythm guitarist; si Karl, ang keyboardist; si Greg, sa bass guitar; at ito umano sa lead guitar at vocalist.

“Meron kaming gig tonight. So, if wala kayong gagawin, please come.” Iniabot ni Mateo ang tatlong tickets kay Pearl.

“Free tickets? This is so cool!” Parang batang tiningnan ni Pearl ang ibinigay rito ng lalaki.

“Sure, thanks sa tickets, ah,” malambing na sabi ni Marge.

Nakangiti lamang siya sa mga ito. Gusto niyang matawa sa dalawang kaibigan na parang nag-co-contest sa harap niya para magpapansin kay Mateo.

Pero kinakabahan din si Nicole na di niya mawari. Hindi niya alam kung ano ang nararamdaman niya sa lalaki. Mas guwapo pala ito sa personal. Para siyang kinikilig habang pinagmamasdan ito.

At naisip niya, kung makikisali siya sa dalawa sa paligsahan, ito marahil ang kanyang strategy: ang magpaka-demure para maakit si Mateo.

Para maakit ito? Umalingawngaw ang tanong na iyon sa isip niya. Gaga ka, bakit ka makikisali? You'll just ruin everything.

Lihim niyang pinagalitan ang sarili sa naisip.

“So, see you later, ladies,” paalam na ni Mateo sa kanila sabay kindat habang hinihintay na magbukas ang elevator na malapit sa kanilang lamesa.

Pagkasara ng elevator ay halos mapatili si Pearl. “This is an incredible day, may miles points na agad!”

“Ang guwapo niya, 'no! Ang bango pa.” Nakipagsabayan sa kilig si Marge. “Binigyan pa tayo

ng tickets. How sweet!”

“He’ll be mine in no time, so hands off, girl,” deklara ni Pearl. Hinawi nito ang mahabang buhok na parang nagpapakuha ng litrato.

“Mine, Sweetie... All mine!” balik ni Marge.

Pagkatapos ay sabay ang mga itong tumingin sa kanya.

“What?” defensive niyang tanong.

Naghihintay yata ang mga itong makipag-agawan din siya.

“Oh come on, Honey.” Napailing si Marge. “Type mo din naman si Mateo, kunwari ka pa!”

“Well, I must say, he’s a full package. Pero ayoko talaga ng babaero.” Hindi na niya idinagdag na sa dami ng lalaking nahuhumaling sa kanya, hindi siya makapapayag na sa isang babaero lang siya mapupunta. Para ano, masaktan lamang siya?

“Kaya hindi ka magka-boyfriend, eh, masyado kang choosy,” komento ni Marge.

“Bigyan mo na ’ko ng pangit huwag lang babaero, ’no.” Ngingisi-ngisi niyang hinarap muli ang kanyang breakfast.

2

Sa in-house lounge and bar ng hotel ginanap ang small gathering ng ilan sa mga OFWs na nagtatrabaho sa Saigon. Pumasok sila sa bar at agad nilang nabungaran ang bandang tumutugtog. Doon sila pinaupo sa isang reserved na round table sa harapan mismo ng stage.

Halos lahat ng madaanan nila ay napapatigil upang tingnan silang tatlo, na tila mga modelo silang rumarampa papunta sa kanilang VIP table.

Nicole was wearing an orange backless shift dress at nude patent platform pumps. Kaya naman lutang na lutang ang puti at kinis ng kanyang balat. Kapansin-pansin din ang hubog ng kanyang katawan sa damit na kanyang suot. She was definitely a pleasure to everyone's eyes.

Mateo's voice vibrated in every inch of her when he started singing. She was enthralled by his song. Hindi pa naman niya nauubos ang vodka na kanyang iniinom pero para bang lumulutang siya habang tinitingnan ang lalaki.

Para kasi siyang hinaharana nito. Lalo na nang

bigla itong tumingin sa kanya. Nagdulot iyon ng kakaibang kaba sa dibdib ni Nicole. Napadami ang nalagok niyang vodka dahil doon. She realized that the term ‘butterflies in the stomach’ was actually real at ang kaba ay lalong tumindi nang makita niyang dahan-dahang bumaba ng stage si Mateo. Nakapako ang mga mata nito sa kanya habang naglalakad papalapit sa kanilang lamesa.

“Ladies and gentlemen, a warm round of applause please for the loveliest face I’ve encountered, a true Filipina beauty.” Inabot ni Mateo ang kanyang kamay at inalalayan siya para tumayo. Mayamaya pa ay inaakay na siya nito paakyat sa stage.

Nakabibinging palakpakan. She gave the crowd her best smile. Kahit na alam niyang nanlalamig ang kanyang kamay sa pagkakahawak doon ng lalaki. She was definitely caught off guard. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit ganoon ang kanyang nararamdaman gayong sanay naman siyang makisalamuha sa mga tao, pati na sa mga guwapong modelo.

Nahulog na yata siya sa sarili niyang bitag.

“*Ikaw ang bigay ng Maykapal...*” Nagsimulang kumanta si Mateo. Hawak pa rin nito ang kanyang kamay. “*Tugon sa aking dasal...*”

It was the sweetest serenade she had ever heard in her life. Halos magtindigan ang balahibo ni Nicole. Tila yelong humahalik sa kanyang balat ang boses ni Mateo. Sabayan pa nito ng malagkit na titig na parang may kung anong nakikita sa kaloob-looban ng kanyang pagkatao. They were inches apart and she could feel herself shivering.

Naalala niya ang kanyang childhood dream—ang maranasang hinaharana ng isang prinsipeng may napakagandang boses. She savored the pleasure of living her fairytale dream.

Napapikit siya upang namnamin ang boses nito. Sandali siyang nawala sa realidad at tanging ang kamay at tinig lamang ni Mateo ang kanyang naririnig at nararamdaman. Then the crowd showed their appreciation once more. Natauhan siya nang marinig muli ang palakpakan. Natapos na pala ang kanta nang hindi niya namamalayan.

She gracefully bowed to the audience. Akmang bababa na siya ng stage nang humarang ang lalaki. “Just wait a second, my pretty angel.” Iniabot nito ang isang microphone kay Nicole. “You haven’t told the audience your name yet, Sweetie.”

“Nicole, twenty-seven, Philippines!” Nicole presented the crowd with a handwave often used by

beauty pageant contestants.

Bahagyang nagtawanan ang mga tao pagkatapos ay nag-ingay nang muli. May mga sumipol.

“Ang ganda niya, di ba, mga kababayan?” Nagsigawan ang mga tao bilang pagsang-ayon sa vocalist ng banda. “She and her friends just arrived this morning. So, Nicole, hindi ka ba napagod?”

“Sa biyahe? Hindi naman, bakit?” gulat na tanong niya.

“Kasi, simula nang makita kita kanina hindi ka na tumigil sa pagtakbo dito sa isipan ko.”

Binili ng mga nanonood ang pick-up line ni Mateo. Hindi naman napigilan ni Nicole ang kiligin kahit na corny ang banat ng lalaki.

“Well, welcome to Saigon and... di ba, mga kababayan, pag wini-welcome, kelangan may kiss?”

Nagsigawang muli ang mga tao. Ito ang isang bagay na hindi napaghandaan ni Nicole.

“A—what!” bulalas niya. Naramdaman din niya ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Hindi agad siya nakagalaw lalo na nang magsimulang magbilang ang mga manonood.

Iniumang ni Mateo ang pisngi nito palapit sa kanya. Naninigas ang batok niya habang hinihintay na matapos ang bilang.

“Seven! Six! Five! Four! Three! Two!”

Inilapat niya ang mga labi sa pisngi nito pero nanlaki ang kanyang mga mata nang ang mga labi ni Mateo ang nalapatan ng kanyang bibig. His full lips were so soft she wanted to lock them with hers for a few more seconds. Pero salamat na rin at natauhan siya at agad na nakalayo rito. Yet the sensation lingered on her lips. Nakaramdam siya ng matinding panghihinayang. Hell, she wanted more of him.

“Ayan na nga ba ang sinasabi ko,” ngitngit ni Pearl. “Kunwari hindi daw sasali, pagkatapos, siya pala itong nangunguna-nguna.”

Tapos na ang first set ng banda nila Mateo. Tulala si Nicole habang inaalala ang nangyari kanina sa stage. Para siyang nakalutang sa hangin nang bumalik siya sa kanilang table. Pero mas mapula pa sa kanya ang dalawa niyang kaibigan.

Sinikap niyang umaktong di apektado. “Hey, it was just an act. Ano ba kayo? For sure naman, sa lahat ng bagong guests ganyan ang ginagawa nila.”

“We’ll see,” pakli ni Marge, halatang naka-combat mode—iyong tipo na susunggaban na si Mateo paglabas muli ng binata sa stage.

Isang waiter ang lumapit sa kanila. May dala itong isang shot ng martini sa cocktail glass at may folded tissue rin na iniabot sa kanya.

See you at the lounge tomorrow. 9am.

Mateo

Hinablot ni Marge and tissue paper mula sa kanya. “Great! So we have a date tomorrow.” Agad nitong ipinasa ang note kay Pearl.

“Go get him, girls,” walang tutol na sagot niya.

“Hindi mo masosolo si Mateo, my love!” asik ni Pearl.

“Hindi po ako lalaban. He’s all yours.” Itinaas ni Nicole ang dalawang kamay.

Hindi alam ng tatlo na tahimik silang pinanonood ni Mateo mula sa backstage. Lalo na ang bawat galaw

ni Nicole.

“Pards, mukang tinamaan ka na naman.” Si Wesley na closest friend niya ang unang nakapansin.

“Look at her, Pards. I’ve never seen a more beautiful girl. Sarap mahalina, o.” Nangingiti siya habang nakasilip pa rin sa maliit na siwang mula sa puwesto niya sa likod ng stage.

“What? Another trophy?” Ginulo ni Wesley ang kanyang buhok at nakasilip din.

“Ganda ng katawan niya, Pards, o.” Tapos napaka-angelic ng face niya. Kinilig kaya ako n’ung nag-smack kami kanina.”

Napailing na lang si Wesley.

Kilala siya ng kaibigan. Sa bawat lugar na puntahan nila, palagi siyang may natitipuhan at nabibingwit na babae. Subalit ni isa ay wala siyang sineryoso. Kaya sanay na ang kaibigan sa mga hirit niyang ganito. Hindi na nga sumasali ang iba niyang ka-banda at inabala na lang ang mga sarili sa pamamahinga.

“Mukhang may isang linggong pag-ibig na naman na mangyayari. This time, in Vietnam.”

Mateo kept staring at Nicole. He was charmed by

her beauty. The moment he saw her walking toward one of the front tables, a certain part of his body ached.

Nang hawakan niya ang kamay nito kanina ay pinigilan niya ang sariling hilahin ito palapit sa kanya upang magdikit ang kanilang mga katawan. He wanted to sway her to the music while pouring his soul to her through his song.

“Pards, mukhang nakita ko na ang hinahanap ko.” Sumeryoso ang kanyang mukha. “Iba ito, Pare, may kabog.”

“Napansin ko nga, eh. Bigla kang naging corny. Hanep sa banat, ah. Daig mo pa si *Boy Pick-up*,” natatawang sagot ni Wesley.

“Naalala mo ba noong pinalayas ako ni Papa?” tahimik na tanong niya. “Simula noon, hindi na ako tumigil sa paghahanap ng babaeng ihaharap sa kanya. Kaya lang palaging may kulang. Ewan ko ba. I miss my father. Minsan, iniisip kong ginagamit ko lang na dahilan ang paghahanap ng mapapangasawa para makabalik ako sa bayan namin nang hindi nilulunok ang pride ko.”

“Alam mo, Pards, ang pag-ibig, hindi raw hinahanap. Kusa daw dumadating ’yan. Kaya baka

hindi mo din kailangang pilitin. S’abi nga nila, iba ang lasa ng bungang hinog sa puno kumpara sa hinog sa pilit.”

Napahalakhak siya sa kaibigan. “Yan ang gusto ko sa ’yo, ang dami mong alam. N’ung bata ako, alam mo ba, meron akong crush kaso isang beses ko lang siyang nakita. Ang weird din, Pard, kasi nasa gubat ako n’un.”

“Baka naman naengkanto ka lang n’un. Pati kasi engkanto, siguradong papatusin mo, eh.” Tatawatawa si Wesley.

“Gago! Pero seryoso, parang nakikita ko ’yung naging crush ko na ’yun kay Nicole.” Muli siyang sumilip sa labas upang tingnan ang dalaga. “I think I’ve finally found the woman I want to spend the rest of my life with.”

“Sana nga, Pard.” Tinapik na lamang siya ni Wesley sa balikat. “Sana nga, this time it’s for real.”

Natapos ang ikalawang set. Nagsimula nang mapuno ang dance floor. Maging sina Nicole ay nasa gitna na rin at nakikiindak kasama ang mga Pilipinong nandoon.

Mayamaya pa ay dumating na ang grupo nila Mateo at laking gulat niya nang bigla ay nasa likod na niya ito at hinapit mula roon ang kanyang baywang. Pero parang sunud-sunurang sumabay siya sa sayaw nito. Dama ni Nicole ang pagdulas ng mga kamay ng binata sa kanyang braso. Pinipigil niya ang mapaigtad sa bawat hawak nito sa kanyang balakang. Sa bawat paghinga ng binata sa kanyang batok at likod ng tainga ay nabubuhay ang isang bahagi ng kanyang pagkababae. Hindi tuloy niya maintindihan kung mahina ba ang airconditioning o madami na siyang nainom kaya nanlalamig ang pawis sa kanyang balat habang nag-iinit nang sobra ang kanyang buong katawan.

Nagpalit ang tugtog, naging mabagal. Tatakas sana siya mula sa mga braso ni Mateo subalit iniikot lamang siya nito upang iharap siya rito. Ngayon ay magkadikit na ang kanilang mga katawan. Ang mga braso nito ay nakapulupot sa kanyang baywang. Halos magkalapit na ang kanilang mga mukha kaya wala siyang nagawa kundi ilapat na lamang ang mga kamay sa batok ng lalaki.

She tried to relax her body as they both swayed to the music. His eyes met hers and they stared at each other for such a long while that she felt lightheaded. The heat inside her grew stronger as Mateo drew her

even closer.

Nakakapanlambot ng tuhod!

“You’re so beautiful.”

Nabasag ang kanyang mga ilusyon nang magsalita ang binata.

“What?” Kunwa ay hindi niya narinig ang sinabi nito.

Pero lalo siyang napapitlag nang idikit nito ang mga labi sa kanyang tainga.

“I said, you’re so beautiful,” ulit nito. “I feel like I’m dancing with the devil, ’cause you’re as hot as hell!”

Napahalakhak siya sa pambobola nito. Dinaan na lamang niya sa tawa ang init na bumabalot sa buo niyang katawan.

“Wait...” Tumigil itong bigla sa pagsasayaw, humigpit ang pagkakahawak sa kanya. “Lumindol ba?”

“Huh?”

“Nah... You just rocked my world.”

“Damn, Mateo. Kung ganyan ang mga punch

lines mo para makabingwit ng babae, pasensya ka. I am not an easy catch.” Nicole rolled her eyes. Kahit na mula ulo hanggang paa ang kilig niyang nadarama ay pinilit niyang pigilan ang sarili. Kailangan niyang magawa ang misyong ito alang-alang sa kanyang pamilya.

“Gan’un? I won’t quit. I’m resourceful. Puwede akong gumamit ng lambat kung hindi ka makuha sa pain.” Malagkit ang ngiti nito. “Patutunayan ko sa ’yo na tayo ang para sa isa’t isa.”

“Is that the best you can do, Mateo?” Kinakabahan siya. Sanay siya sa mga ganitong klase ng lalaki. Madalas siyang nakikipagbolahan sa mga kapwa niya modelo. Pero pagdating kay Mateo, hindi niya alam kung bakit nasisindak siya at gusto niyang seryosohin ang mga boladas nito. Alam niyang nakikipaglaro ang lalaki pero hindi niya maharangan ang bawat salitang binibitawan nito. Bagkus ay nanunuot ang mga iyon sa kaibuturan ng kanyang kalamnan.

“Why don’t you get to know me better?” He cupped her face with his hands and touched her nose with his. Para siyang napako sa pagkakatayo sa ginawa nito. “See you tomorrow.”

Iyon lamang at iniwan siya nito sa dance floor na nakatulala at parang nahipnotismo.

3

Tulad nila, madaling araw rin dumating ang kanilang crew, kinabukasan nga lang. Maaga pa lang ay gising na silang tatlo para sa project briefing. Sa Hanoi gagawin ang shoot. It was just a few minutes by plane kaya hapon na sila aalis ng Saigon. Bago pa pumatak ang alas nueve ng umaga ay handa na sina Pearl at Marge para sa ‘date’ kay Mateo. Siyempre pa, hindi pumayag ang dalawa na hindi kasama si Nicole.

“Thanks for coming. Good thing I tagged Wesley and Greg along,” bulong ni Mateo kay Nicole.

Bahagyang dumulas ang mga daliri nito sa kanyang braso bago pa man siya alalayan sa siko. The touch was light yet Nicole could feel volts of electricity coursing through her body.

Nilingon niya ang kanyang mga kaibigan na nasa likuran niya upang mawala ang nararamdaman. Pinandilatan siya ni Pearl nang magtama ang kanilang mga mata. Marge, on the other hand, was enjoying Greg’s company.

Napangiwi si Nicole sa kanyang sarili. Mabagal silang naglalakad sa loob ng *Notre Dame Cathedral*.

Doon sila unang dinala ng grupo ni Mateo.

“I could picture you walking down the aisle.” Dumikit na naman si Mateo sa kanya habang nakatingala siya sa loob ng simbahan. “Dressed in a flowing white gown, your delicate face surrounded by a lace veil, white tulips in your soft hands...”

Binalingan niya ito at tinaasan ng kilay. “O, ’tapos?” Kanina pa niya pinipilit lumayo sa mga hawak at pagdikit-dikit nito sa kanya dahil pakiramdam niya ay aatakehin na siya sa puso sa sobrang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. “Ang ganda ng simbahan na ’to, ’no? So very... French,” pilit niyang pag-iiba sa usapan.

Muli niyang inilibot ang mga mata sa kabuuan ng simbahan. Napakadaming stained glass panels.

“Tapos, I’m there at the altar, waiting for you.” Umakbay ito sa kanya.

Halos mapatalon si Nicole. Pakiramdam niya ay lumapat ang dulo ng daliri nito sa ibabaw ng isa niyang dibdib. Pero nagulat din siya sa kanyang sarili dahil hindi naman iyon ang first time na naakbayan siya ng isang lalaki.

She had to put a stop to this.

Bahagya niyang kinurot si Mateo sa tagiliran para makawala siya rito.

“Alam mo, marami akong kilalang vocalist,” sabi niya rito. “You’re all the same... babaero!” Inilabas niya ang dila saka tumalikod at lumayo rito.

Pumunta siya sa kanang bahagi ng simbahan para magtirik ng kandila at paglingon niya ay nakita niyang parang asong nakabuntot sa kanya si Mateo. Kinikilig siya sa ginagawa nito pero hindi siya dapat bumigay sa mga pambobola nito.

“Sweetie, how can you be so sure na pare-pareho lang kami kung hindi mo susubukan?” muling bulong nito. “Hindi mo malalaman na matamis ang ubas kung hindi mo titikman.” Nanunudyo ang tinig ni Mateo habang nasa likuran niya. His lips were almost touching her left ear and it gave her goosebumps all over.

Natawa siya habang papalabas ng simbahan. “Masyadong mapalabok ang mga salita mo, Mateo. Nakakasuya. I just can’t take those kind of lines anymore.” Napailing siya nang sapitin nila ang estatwa ng Virgin Mary sa tapat ng simbahan.

“I’m serious, Nicole.” Hinawakan nito ang dalawa niyang kamay saka tumitig nang matiim sa

kanyang mga mata. “Ayan, saksi si Mama Mary sa mga sinasabi ko. Give me a chance to prove to you that I can be your man.”

“You’re crazy! Kahapon lang tayo nagkakilala. We barely know each other and—”

Hindi na natapos ni Nicole ang kanyang sinasabi nang halikan siyang bigla ni Mateo. Hindi na iyon smack this time. She welcomed the pressure of his lips on hers. It was a mind-blowing kiss. She slightly parted her lips to allow him more access...

“Excuse me!” Boses ni Pearl ang sumira sa moment nila.

Nakapamaywang ito sa harap nila nang mahimasmasan siya. Kita niya ang paniningkit ng mga mata nito sa kabila ng suot na shades.

“Yung *Central Post Office* po, nasa kabilang street lang. Baka ’ka ko gusto ninyong puntahan din.”

Tahimik silang sumunod sa apat pa nilang kasama. Hindi siya kumikibo. Part of her was still in a state of shock. Another part of her was still aching for his kisses.

Hoy, babae. Get a grip! Pilit kinatok ng kanyang utak ang kanyang sarili.

Isa pang sikat na French architecture ang post office sa Saigon. Dito naipamalas ang kasaysayan ng Vietnam sa larangan ng kalakalan. Namangha si Nicole sa mga phone booths na talagang sinauna ang pagkakagawa. Maging ang bawat telepono sa loob ng mga iyon ay antigo rin.

Pumasok siya sa isa at nakalimutan niyang kabuntot pa rin niya ang makulit niyang anino na kanina pa walang tigil sa pang-aakit sa kanya.

Isinara ni Mateo ang pinto ng phone booth. “Nicole...” He wrapped his arms around her waist and pulled her closer to him. He was obviously affected by her nearness and a sizzling sensation overwhelmed Nicole. Humigpit ang hawak nito sa kanya. “Sweetie, I want more,” anas nito.

Napasinghap siya nang bigla nitong angkinin ang kanyang mga labi. Parang saglit na tumigil sa pag-iisip ang kanyang utak at tanging ang mga halik lamang ni Mateo ang naging mahalaga sa mga oras na iyon.

He hungrily sucked her lower lip, then slid his tongue to gently tease hers. She accepted his invitation and allowed herself to play with his sweet mouth.

Napasandal si Nicole sa teleponong nasa likuran niya at hindi na niya namalayang nalaglag na ang receiver niyon. Nagtagpo ang dalawa niyang kamay upang magsalikop sa batok ni Mateo.

Unti-unti niyang naramdaman ang panghihina ng kanyang mga tuhod subalit matipuno ang mga bisig ng lalaking nakayakap sa kanya. He was so close to her that she could feel his heart beating like a drum on her chest. It rocked her soul to know that she could make him feel like this.

Nang kapusin siya sa hangin, nanumbalik ang kanyang katinuan. And summoning all the strength she possessed, Nicole pushed Mateo away.

Siguro dahil sobrang napahiya siya, kaya sinampal niya ito.

“You had no right to do that!” Habol-hininga siya. He was still too close for comfort. “Hindi ako katulad ng mga babaeng dumaan sa mga kamay mo, Mateo.”

Hindi na niya hinintay na magsalita pa ang lalaki. Itinulak niya ito patabi at lumabas na ng phone booth. Hinanap niya ang kanyang mga kaibigan at nakiusap kay Pearl na magpalit sila ng kapareha. Naisip din niyang bumalik na lamang sa hotel mag-isa, pero alam niyang hindi patas iyon sa kanyang

mga kasama.

Nagpunta sila sa *Saigon Culinary Arts Center*. May mga cooking workshops doon na nagtuturo ng Vietnamese dishes sa mga panauhin. Sakto lamang ang grupo nila para sa isang session. Matapos nilang bumili ng ingredients at makinig sa chef-in-charge ay nagsimula na silang magluto.

Inabala ni Nicole ang sarili sa pagluluto ng Beef Pho at crab in tamarind sauce. Mabuti na iyon para makalimutan ang nangyari kanina at para hindi rin niya mapansin ang pagkukulitan nina Mateo at Pearl. Alam niyang hindi marunong magluto ang kaibigan kaya panay ang reklamo at utos nito sa kapareha.

“Hmm... Ang bango naman niyan.” Nagulat siya nang biglang sumulpot si Mateo sa kanyang likuran para batiin ang kanyang kumukulong noodle soup. “Seryosong-seryoso ka d’yan.”

Nagdalawang-isip si Nicole kung papansinin ito. Pero kung gusto niyang mai-matchmake nang maayos ang binata, hindi niya ito puwedeng sungitan habang-buhay.

“Na-miss ko lang ang pagluluto. Matagal na kasi akong hindi nakakahawak ng kaldero at sandok,” nakaismid niyang sagot.

“Yang ganda mong iyan, mahilig kang magluto?” Napasipol pa ito. “Alam mo bang mabilis akong ma-in love sa babaeng masarap magluto? Patikim nga.” Agad nitong inagaw ang sandok sa kanya at humigop ng sabaw ng Beef Pho. Napangiti ito. “Ang sarap! Parang soup sa *Pho Hoa*.”

Hindi napigilan ni Nicole ang mapangiti sa sinabi ni Mateo. Alam niyang gumagawa ito ng paraan para madisimula ang pag-iwas niya rito. Mukha namang epektibo ito dahil muntik na niyang makalimutan na inis siya sa lalaki.

“Hay naku, bolero ka talaga! Wala pang seasonings iyan, masarap na agad? Bumalik ka na nga d’un at baka maubos mo ang sabaw ko.”

Bukod sa kanyang niluto ay mayroong ding gumawa sa kanilang grupo ng grilled pork with lemon grass, Vietnamese fried spring rolls at grilled shrimp with sugar cane. Mayamaya lang ay kakain na silang lahat nang sabay-sabay.

“Is there something wrong?” tanong ni Wesley na ngayon ay kasama niya sa table habang ang iba ay naglilinis pa ng kanilang mga pinaglutuan. “Tahimik ka.”

“Wala naman, medyo nakakabaliw lang ang

kakulitan niyang kaibigan mo.” Nabigla siya sa kanyang naisagot kay Wesley dahil kanina pa niya iniisip ang eksena sa post office.

May nararamdaman siya para kay Mateo. At kahit na pigilan niya iyon ay may bahagi pa rin sa loob niya na nakakadama ng matinding pagnanasa. Subalit magiging napakalaking pagkakamali kung bibigay siya.

Wala sa usapan nila ni Don Lorenzo na siya ang gusto nito para sa anak. Kung iyon ang kaso, di sana ay nilinaw na iyon kaagad ng matanda. Isa pa, iisipin marahil ng don na kaya niya gusto si Mateo ay para amanos na sila sa utang ng kanyang papa rito.

“Matinik talaga ’yun sa chicks.” Tatawa-tawa si Wesley.

“Well, hindi uubra sa ’kin ang tinik niya. Hindi ako basta-basta.” Seryoso pa rin ang mukha ni Nicole.

“He did say na iba ka. In love daw siya. Then again, I think Mateo’s always in love. Pero isa lang ang alam ko. Gagawin ng lalaking ’yan ang lahat para sa babaeng mahal niya.”

Lucky girl.

Hindi niya alam kung matutuwa o mag-aalala sa

sinabi ni Wesley. Paano kung makilala nga ni Mateo ang babaeng iyon? Titira ang dalawa sa San Carlos... and she, Nicole, would see them every once in a while. At kung kakilala pa niya ang mapapangasawa nito...

Pilit siyang ngumiti. “Grabe, ah, ang mahal siguro ng talent fee mo.” Tinapik niya sa balikang kaibigan ni Mateo. “Alam mo, parang resumé iyan. Kung ang love experience mo since after graduation until your current work ay puro fling at short time, paano ka makakapasa sa pinag-a-apply-an mo?”

“I guess, tama nga siya. You’re really something.” Napaisip ito. “Mahihirapan yata ang kaibigan ko sa ’yo.”

May sasabihin pa sana ito subalit nakita niyang pumasok ng kuwarto si Mateo at ang iba pa nilang kasamahan.

Pakiramdam ni Nicole ay bumaba ang temperatura ng hangin nang kakain na sila. Extra sweet si Mateo kay Pearl na ikinatuwa naman ng kaibigan niya. Nagsusubuan pa ang mga ito. At may naramdaman siyang kakaiba. Hindi iyon maganda.

This is crazy! Bakit ako nagseselos?

Naiinis siya sa sarili dahil sa halu-halong emosyon

na nararamdaman.

Natutuwa si Mateo sa tagong reaksiyon ni Nicole. Lahat na yata ay ginawa na niya para ipakita sa dalaga ang nararamdaman niya subalit tila hindi epektibo ang kanyang mga diskarte. Kung hindi sampal ay ipinagtatabuyan siya nito.

Batid niyang nagseselos ang babae. It was a good sign. Dahil doon ay nabuhayan siya ng pag-asa—dahil ibig sabihin niyon ay nasa tamang landas siya patungo sa puso ng dalaga.

Last stop nila ng city tour sa Ho Chi Minh bago humabol sa flight papuntang Hanoi ang *Reunification Palace*. Para itong Malacañang subalit walang nakatirang pinuno ng bansa roon. Isa iyong makasaysayang lugar sa Vietnam dahil noong panahon ng giyera sa pagitan ng South at North, doon natapos ang iringan. Sa labas ay makikita ang mga tangke na ginamit upang wasakin ang bakod ng palasyo na noon ay tinitirhan ng pangulo ng South Vietnam.

Sa rooftop ng palasyo ay may isang malaking bulwagan na madalas pinagdarausan ng mga salu-salo ng mga namumuno sa siyudad. May sound system din

at napakalaking dance floor, may refreshment area na puwedeng bilhan ng makakain. Sa mga ganitong klase ng lugar, malakas ang loob ni Mateo na gumawa ng eksena.

Umiiwas pa rin si Nicole kay Mateo. Hangga't maaari ay nagpapaiwan siya upang magtingin-tingin sa mga larawan at kagamitan na naka-display sa bawat kuwarto ng palasyo.

“My life is brilliant. My love is pure. I saw an angel. Of that I’m sure...” Umalingawngaw ang boses ni Mateo sa rooftop ng *Reunification Palace*. Sa ganda ng boses nito ay nakuha agad nito ang atensyon ng lahat ng tourists na nandoon.

Muli na namang nagtama ang kanilang mga mata at pakiramdam ni Nicole ay may inuukit ang tinig nito sa kanyang puso. Para siyang nakikiliti sa sariling rendition ni Mateo ng kanta ni James Blunt.

“You’re beautiful, it’s true.”

Nagsimulang mag-ingay ang mga tao. May sumisipol, pumapalakpak at may nagtutulak din kay Nicole papunta sa gitna ng bulwagan. Para siyang cabinet na may gulong na nakatayo lamang at sumusunod sa kanyang mga paa palapit sa lalaki.

“I saw your face, in a crowded place and I don’t know what to do.”

Mateo touched her blushing face as he finished the song. For the nth time, she was caught off guard by this man. Pinuri ng mga tao ang binata bago mabilis at halos sabay-sabay na nawala ang mga ito.

The two of them were left staring at each other. Hawak pa rin ni Mateo ang mukha niya at nararamdaman ni Nicole ang init ng palad nito na tumatawid sa balat niya. How she wished he would grab her again and kiss her fervently, wrap his arms around her again so she could feel his body. She ached for more of his touch.

Muli ay pinigilan niya ang nararamdaman. She smiled wearily and gently pulled down his hand.

“Thank you, Mateo,” bulong niya. Lumapit siya rito upang idampi ang mga labi sa dulo ng matangos nitong ilong.

Sa pagkakataong ito, siya ang tumalikod para iwan ito sa gitna ng bulwagan.